Talahuluganan at Mga Kahulugan

Kliyente

Tumutukoy sa taong tumatanggap ng paggagamutan buhat sa serbisyo ng pangkaisipang kalusugan. Kasama rito, ang mga maysapat na gulang, mga bata at mga kabataang kliyente.

Tagapag-alaga

Isang taong nag-aalaga sa isang kliyente at ang kanilang buhay ay maaaring maapektuhan ng pangakong pag-aalagang ito. Kabilang dito ang magulang o tagapag-alaga ng mga bata at kabataan.

Tauhan ng Klinika ng Pangkaisipang Kalusugan; tagapamahala ng kaso; pangunahing tagapagbigay ng serbisyo

Tumutukoy sa sinumang miembro ng pangkat ng pangkaisipang kalusugan, kabilang ang saykayatris, tagapag-rehistro, medikal na opisyal, nars, pang-okupasyong therapis, saykologis o panlipunang manggagawa.

Mga palatanungan; mga pamamaraan ng pagsisiyasat; mga panukat ng kinalabasan;

Ang lahat ng mga katawagan o terminong ito ay magkakapareho ang kahulugan

Pangkaisipang Kalusugang Imbertaryo

Ang palatanungan na maaaring sabihin o hilingin na kumpletohin ng maysapat na gulang na kliyente

Palatanungan para sa Mga Lakas at Mga Paghihirap

Ang palatanungan na maaaring sabihin o hilingin na kumpletohin ng kabataan at mga magulang ng mga bata.

Paano kung ako ay may iba pang mga tanong?

Ang lahat ng mga tauhan ng klinika ng pangkaisipang kalusugan ay kumuha at nagdaan sa lubusang pagsasanay sa paggamit ng pangkinalabasang palatanungan. Huwag mag-atubiling magtanong sa sinumang miembro ng mga tauhan para sa karagdagang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon may ilang mga ahensiya na maaaring makatulong, kabilang ang:

QCAG (Queensland Consumer and Carer Advisory Group)
Ph: (07) 3254 0629

Queensland Alliance of Mental Illness & Psychiatric Disability Group Inc
"Ang Alliance ay sumusuporta at kumakatawan sa mga ahensiyang pangkomunidad sa larangan ng pangkaisipang kalusugan."
Ph: (07) 3254 4366
Fax: (07) 3254 4299
http://www.qldalliance.org.au

ARAFMI Queensland Inc.
Suporta, impormasyon at pagsasangguni para sa tagapag-alaga 24 na oras
Ph: (07) 3254 1881 o 1800 35 1881
(regional Queensland)

Health Rights Commission
Ph: (07) 3234 0272 o 1800 077 308
(regional Queensland)

Systems and Outcomes Team
Mental Health Unit
Ph: (07) 3234 0759
Fax: 3234 1362
outcomesinitiative@health.qld.gov.au

Lokal na Serbisyo ng Pangkaisipang Kalusugan

Tagalog

Gawaing Pangkinalabasan

Mga Palatanungang Pangkinalabasan

Ano ang mga ito?

Ang Kalusugang Queensland (QLD Health) ay nagpapasalamat sa kontribusyon at pondong natanggap buhat sa Sangay ng Pangkaisipang Kalusugan at Paghadlang sa Pagpapakamatay (Mental Health and Suicide Prevention Branch), Kagawarang Komonwelt ng Kalusugan at Pagtanda (Commonwealth Department of Health and Aging).

Queensland Government
Queensland Health

Pambungad

Ang Kalusugang Queensland (Queensland Health) ay nangangakong ipagpatuloy ang pag-unlad ng mga serbisyo sa pangkaisipang kalusugan at katangian ng buhay para sa mga taong nabubuhay nang mayroong problema at mga sakit sa pangkaisipang kalusugan. Isang mahalagang paraan upang makamit ito ay sa pamamagitan ng paggawa ng lubusang pagsusuri ng mga kliyente at upang masukat ang bisa ng pag-aalagang ibinibigay.

Ano ang palatanungang pangkinalabasan ng kliyente?

Ito ay palatanungan na kukumpletohin ng kliyente o magulang ng isang bata o kabataang kliyente. Ito ay nagbibigay ng mga masusukat na impormasyon tungkol sa kapakanan ng kliyente.

Ano ang mga palatanungang pangkinalabasan ng tauhan ng klinika?

Ito ay isang pangkat ng mga palatanungan na kukumpletohin ng mga tauhan ng klinika ng pangkaisipang kalusugan tungkol sa kliyente. Ito ay nagbibigay ng masusukat na impormasyon tungkol sa kapakanan ng kliyente.

Ano ang layunin?

Ang paggamit ng palatanungang pangkinalabasan ay makakatulong sa tauhan ng klinika ng pangkaisipang kalusugan na maintindihang mabuti at makatugon sa mga pangangailangan ng kliyente.

Ang pagkumpleto ng palatanungang pangkinalabasan ay magbibigay sa mga tauhan ng klinika ng pangkaisipang kalusugan ng mas maraming impormasyon kaysa sa maaaring makuha sa pakikipanayam lamang.

Ang impormasyong makukuha buhat sa mga palatanungan ay susuriing mabuti at ang mga resulta ay maaaring makuha at malaman ng mga kliyente. Kung kailangan ang karagdagang kasagutan, lumapit sa miembro ng mga tauhan.

Ang resulta ng mga palatanungang kinumpleto sa iba't ibang pagkakataon sa panahon ng iyong paggagamutan ay maaaring paghambingin. Ito ay magiging mabuting paraan upang makita ang mga pagbabago sa paraan ng paggaling sa karamdaman.

Paano ako makatutulong?

Mahalaga para sa mga kliyente at mga magulang ng mga bata o mga kabataang kliyente na pansariling kumpletohin ang palatanungan. Kung kailangan ang suporta o tulong, lumapit sa isang miembro ng mga tauhan.

Ang mga tauhan ng klinika ng pangkaisipang kalusugan ay hihikayating kumuha ng impormasyon tungkol sa mga kliyente buhat sa maraming pagkukunan hangga't maaari kapag kinumpleto nila ang palatanungang pangkinalabasan ng tauhan ng klinika. Maaaring isama dito, na may sinabing pahintulot, ang pagtatanong sa kuru-kuro ng mga ibang tao (kagaya ng mga tagapag-alaga, mga doktor, mga tagapayo, mga aborihinal na serbisyong pangmedikal, o mga guro) tungkol sa anumang naobserbahan o nakita nila kailan lamang ukol sa kliyente. Ang impormasyong ito ay mahalaga sa pagbibigay ng mabuting pagkakaunawa sa mga pangangailangan ng kliyente.

Sa kasalukuyan, walang mga tiyak na mga palatanungan para sa mga tagapag-alaga ng mga maysapat na gulang na kliyente. Gayon pa man, ang impormasyong ibinibigay ng mga tagapag-alaga ay makatutulong sa mga tauhan ng klinika na mas mabuting maunawaan at matugunan ang mga pangangailangan ng kliyente.

Ano ang mga palatanungang pangkinalabasan ng kliyente?

Ang mga maysapat na gulang na kliyente ay maaaring pagsabihan o humiling na kumpletohin ang Pangkaisipang Kalusugang Imbertaryo (Mental Health Inventory - MHI). Ang MHI ay nagtatanong tungkol sa kung paano ang kliyente ay nakadaramdam at nakakayanan ang pangkaraniwang mga gawain sa buhay. Ito ay matatagalan na kumpletohin.

Ang isang kabataan o mga magulang ng isang bata o kabataang kliyente ay maaaring pagsabihan o humiling na kumpletohin ang Palatanungan para sa Mga Lakas at Mga Paghihirap (Strengths and Difficulties Questionnaire - SDQ). Ang SDQ ay nagtatanong tungkol sa kilos ng isang bata o kabataan, mga damdamin, pampaaralan at panlipunang paggawa o pagganap ng isang bata o kabataan. Ito ay matatagalan na kumpletohin.

Ang pagtitipon ng mga panukat ng kinalabasan ay bahagi ng pamamaraan ng pambansang pangkaisipang kalusugan.

Kailan ibibigay ang palatanungan?

Ang palatanungan ay maaaring ibigay kapag ang kliyente ay nagsimulang gumamit ng mga serbisyo ng publikong pangkaisipang kalusugan sa regular na pagsusuri habang ginagamot at kapag ang paggagamutan ay kumpleto na. Ang kliyente o ang magulang ng bata o kabataang kliyente ay maaaring humiling ng palatanungan ng kliyente at ng tauhan ng klinika na gawin o sagutin sa anumang oras sa panahon ng kanilang paggagamutan.

Ang mga kliyente o ang magulang ng isang bata o kabataang kliyente ay hindi nangangailangang kumumpleto ng palatanungang ito, ngunit kung ito ay kukumpletohin, ito ay makapagbibigay ng mahalagang impormasyong magagamit sa pagpaplano ng paggagamutan ng kliyente.

Ano ang aking maaaring asahan?

Ikaw ay maaaring umasa sa mga tauhan ng klinika ng pangkaisipang kalusugan na:

- maging tunay na interesado sa mga sagot sa palatanungan
- sundan ang pagkumpleto ng palatanungan na may paanyayang magsalita tungkol sa mga sagot at pag-usapan kung paano nito naapektuhan ang iyong damdamin
- makipag-usap sa iyo tungkol sa mga resulta ng palatanungan ng kliyente at ng tauhan ng klinika
- gamitin ang mga resulta ng mga palatanungan kapag pinag-uusapan ang pagsulong o progreso ng bawat isang plano ng paggagamutan.

Paano mapapanatili ang aking kumpidensyalidad?

Katulad ng lahat ng mga pangklinikang kasulatan ng pangkaisipang kalusugan, sinisiguro namin sa iyo na ang impormasyong ibinigay ay pananatilihing ingatan sa mahigpit na kumpidensyalidad. Kami ay tumutupad nang may mahigpit na batas, patakaran at mga pamamaraan kaugnay sa pansalirinan at kumpidensyalidad ng mga kliyente at mga tagapag-alaga.